

Ang carbon monoxide ay isang pumapatay na hindi nakikita, tahimik at walang amoy.



GUMISING.

Nakakasagip ng buhay ang mga alarma para sa carbon monoxide.

Ano ang carbon monoxide?

Ang carbon monoxide (CO) ay nakakalasang gas na hindi nakikita, tahimik at walang amoy. Sa lugar na kulob, tulad ng isang bahay o garahe, ang pagkalantad sa CO ay maaaring magdulot ng malalang pagkakasakit o pagkamatay.

Ano ang mga senyales ng pagkalantad sa CO?

- ✓ Sakit ng ulo at pagkahilo
- ✓ Kapaguran at panghihina
- ✓ Matang nagluluha at mahapdi
- ✓ Pagduruwal at pagsusuka
- ✓ Kawalan ng kontrol sa kalamnan

Saan nanggagaling ang CO?

Mga appliance na gumagamit ng natural na gas na hindi gumagana nang maayos:

- ✓ Pugon
- ✓ Pampainit ng tubig
- ✓ Pampatuyo o dryer
- ✓ Kalan
- ✓ Fireplace

Buga mula sa:

- ✓ Mga gas at diesel na sasakyan
- ✓ Mga makinang pinatatakbo ng gas
- ✓ Mga fireplace na nagsusunog ng kahoy

Kumuha ng alarma ng CO ngayon sa inyong lokal na bilihan sa pagpapaganda ng tahanan.

ATCO always there.
anywhere.

Matuto kung paano ninyo mapoprotektahan ang inyong bahay sa ATCOGas.com/CO



PUNAN ANG SUMUSUNOD NA CHECKLIST PARA MAKATULONG NA MAIWASAN ANG CO SA INYONG BAHAY

- Mga appliance na nagsusunog ng fuel (pugon, pampainit ng tubig, fireplace, kalan na gumagamit ng natural na gas, atbp.) na regular na pinatitingnan sa kuwalipikadong technician ayon sa mga ispesipikasyon ng tagagawa.
Huling inspeksiyon (petsa): _____
- Buwanang pinatitingnan ang filter ng pugon at napapalitan (kung kailangan).
Petsa ng huling pagpalit: _____
- Ang panloob at panlabas na singawan ay nililinis ng dumi, snow at yelo (kung kailangan).
- Ang lugar sa paligid ng mga appliance na nagsusunog ng fuel ay walang kalat.
- Ang apoy ng lahat ng mga appliance na gumagamit ng natural na gas ay regular na pinatitingnan (asul dapat ito).
- May sapat na mapagkukunan ng hangin (malapit sa bukas na bintana) kapag gumagamit ng fireplace na nagsusunog ng kahoy.
- Hindi kailanman ia-idle ang mga sasakyan sa garahe, kahit na nakabukas ang overhead na pintuan.

*Ang mga tamang nakakabit at minimintinang alarma ng
CO ay makakatulong na matukoy ang CO*

PUNAN ANG SUMUSUNOD NA CHECKLIST PARA MAKATULONG NA MATUKOY ANG CO SA INYONG BAHAY

- Ang (mga) alarma ng CO ay kinabit at minimintina ayon sa mga tagubilin ng tagagawa.
- Ang petsa ng pagkapaso ay nakasulat sa (mga) alarma ng CO gamit ang marker.
Petsa ng pagkapaso: _____
- Taunang papalitan ang baterya ng (mga) alarma ng CO, kung naaangkop.
- Buwanang iva-vacuum ang (mga) alarma ng CO.

ATCO always there.
anywhere.

Matuto kung paano ninyo mapoprotektahan ang inyong bahay sa ATCOGas.com/CO

